

Taon XXXII Blg.10 Oktubre 2002

#### **Editoryal**

# Pataasin ang antas ng lumalawak na patriyotikong nagkakaisang prente

"kinagagalak ng Partido Komunista ng Pilipinas at mga rebolusyonaryong pwersa ang pag-Lusbong at mabilis na paglawak ng patrivotikong nagkakaisang prente na lumalaban sa presensya ng mga tropang Amerikano at sa bulag na pagsunod ng rehimeng Macapagal-Arroyo sa bawat utos at patakaran ng imperyalismong US.

Kinikilala ng Partido ang malaking potensyal ng patriyotikong nagkakaisang prente hindi lamang sa paglaban sa mga kagyat na usapin ng panghihimasokmilitar ng US, kundi pati sa ibayong pagpapalakas sa kilusan para wakasan ang papet na paghahari ni

Nakamumuhi ang pangangayupapa ni Macapagal-Arroyo sa imperyalismong US, laluna sa "digmang kontra-terorismo" ng utak-pulburang si Presidente George W. Bush ng US. Nagkukumahog si Macapagal-Arroyo na makakuha ng (a) ayuda upang tukuran ang naghihingalong ekonomya; (b) suportang militar upang ibwelo ang kontra-rebolusyonaryong todotodong digma; at (k) suportang pampulitika laluna para sa kanyang balak na pagtakbo bilang presidente sa 2004.

Upang makamit ito, walang awat na iginigiit ni Macapagal-Arroyo ang pananatili ng mga tropa ng

> US sa bansa sa pamamagitan ng pagdaraos ng sunud-sunod na mga pagsasanay ng

mga Amerikanong sundalo rito pagtulak na pagtibayin ang Mutual Logistics Support Agreement (MLSA).

Todo-todo nitong sinusuportahan ang arogante at mapanagasang patakarang panlabas ng imperya-

hismong US, laluna sa



TAMPOK NA BALITA: MATATAGUMPAY NA TAKTIKAL NA OPENSIBA NG BHB - tingnan sa pahina 5

balak nitong panggegera sa Iraq. Nag-iisa halos si Macapagal-Arroyo, bukod kay Prime Minister Tony Blair ng United Kingdom, na ganadong-ganadong sumusuporta sa planong ito ng US. Wala pa mang kahilingan ang US, inialok na ng papet na rehimen ang himpapawid at mga paliparan ng Pilipinas para gamitin ng militar ng US nang walang anumang pagsasaalang-alang sa pambansang interes.

Ang bulag na debosyon ng rehimeng Macapagal-Arroyo sa imperyalismong US, ang paglapastangan sa soberanya ng Pilipinas at lubusang pagbalewala sa pambansang dangal ay pumupukaw sa patriyotismo ng malawak na mamamayan.

Maging ang mga tradisyunal na pulitiko kabilang ang mga kapartido ni Macapagal-Arroyo, mga taongsimbahan, taong-midya at mga independyenteng personahe ay nauudyok na manindigan laban sa kanya. Kabilang dito si Bise Pres. Teofisto Guingona na pinatalsik mula sa Department of Foreign Affairs dahil sa aktibong pagtutol sa MLSA, sa Balikatan, sa "all-out war" at sa "digmang kontra-terorismo" kaisa ng mga pwersang pambansa-demokratiko.

Tampok itong nailarawan sa pagtitipon noong Setyembre 16 ng mga senador na bumoto laban sa mga base militar noong 1991, ilang kongresista, mga progresibo at demokratikong organisasyon at personalidad. (Tingnan ang kaugnay na artikulo sa pahina 4.)

Tiyak na lalo pang lalawak ang patriyotikong nagkakaisang prente. Habang tumatagal, lalong nagiging kasuklam-suklam ang bulag na pagsunod ng rehimeng Macapagal-Arroyo sa doktrinang Bush, na ngayo'y binabatikos at kinukundena ng paparaming estado at mamamayan sa buong mundo. Dahil dito, lalo pang nahihiwalay si Macapagal-Arroyo mula sa malawak na masang Pilipino.

Kinakailangang pag-ibayuhin ng mga rebolusyonaryong pwersa ang higit pang pagpapalawak at pagpapatatag ng patriyotiko at demokratikong nagkakaisang prente. Kailangan ding iugnay ang patriyotikong pakikibaka sa Pilipinas sa mga patriyotikong pakikibaka ng mamamayan sa ibang bansa.

Kailangang paalabin nito ang diwa ng militanteng patriyotismo, ang aktibo at matatag na paninindigan ▶



## NILALAMAN Taon XXXII Blg. 10 Oktubre 2002

- 1 Editoryal: Pataasin ang antas ng lumalawak na patriyotikong nagkakaisang prente
- 3 Ang tinig ng patriyotismo ni Guingona; (4)Pagpapatalsik sa mga base militar, ginunita
- 5 Matatagumpay na taktikal na opensiba
- 6 Patuloy na nang-uupat ng gera si Bush laban sa Iraq; (7)Bush: Hitler, banta sa kapayapaan; (8) US: Banta sa seguridad at kasarinlan ng mga bansa (8) Paqtutol sa gera laban sa Iraq, lumalawak
- 9 Iskandalosong korapsyon ng mag-asawang Arroyo
- 10 Sabwatang Mike Arroyo-NAD
- 11 Ulat-koresponsal: Pagpusisyon ng mga magsasaka sa hilagang-kanlurang Leyte
- 13 Ang lumalalang kriminal na gawain ng RPM-RPA-ABB
- 14 Ipagtanggol si Ka Joema!
- 15 Balita

## **PABATID**

## www.philippinerevolution.org

Muling inilulunsad ng Partido ang website nito sa internet. Pinangalanang "Philippine Revolution Web Central", lalamnin nito ang mga pinakahuling isyu ng Ang Bayan, mga pahayag, mga rebolusyonaryong publikasyon at iba pang impormasyon tungkol sa Partido at mga rebolusyonaryong organisasyon sa Pilipinas.

Pinangangasiwaan ng Kawanihan sa Impormasyon ng PKP ang website na makikita sa www.philippinerevolution.org. Hinihikayat ang lahat na tumungo rito at tumulong sa ikahuhusay nito.

Ang paglulunsad ng website na ito ay naisagawa sa tulong ng mga rebolusyonaryong pwersa sa United States na nakikiisa sa wasto at makatarungang pakikibaka ng sambayanang Pilipino laban sa imperyalismong US.

2 Oktubre 2002 . ANG BAYAN

laban sa panlulupig ng imperyalismong US sa pambansang soberanya ng Pilipinas. Magiging pangunahing sandata ng patriyotiko at demokratikong nagkakaisang prente ang paglulunsad ng mga malawakang kilos protesta sa buong bansa na humihikayat sa partisipasyon ng iba't ibang sektor at saray.

Alinsunod sa patriyotikong adyenda, kinakailangang igiit ang pagbabasura sa MLSA, sa Visiting Forces Agreement at iba pang di pantay na kasunduang nagtataguyod sa interbensyunismo at hegemonismo ng US; ang pagpapalayas sa mga tropang Amerikano at pagtigil sa mga pagsasanay-militar; ang muling pagsasagawa ng negosasyong pangkapayapaan sa NDF at pagtutol sa lahat ng hakbangin ng US na nagsasapanganib sa usapang pangkapayapaan; ang pagtigil sa pang-uupat ng gera ng US sa Iraq at pagbawi ng suporta ng rehimeng Macapagal-Arroyo sa di makatarungang gerang ito.

Sa balangkas ng malapad na pagkakaisang patriyotiko, kailangang hikayatin ang mga panggitnang pwersa na dalhin ang mga kongkretong hinaing ng batayang masa laban sa imperyalistang pandarambong at pang-aapi.

Marapat na patampukin ng patriyotikong nagkakaisang prente ang mga usapin sa pang-ekonomyang soberanya at ang mga mapambusabos na patakaran ng imperyalistang "globalisasyon." Kailangang ilantad at labanan ang malawakang kahirapan at ang pangkalahatang krisis pang-ekonomyang dulot nito.

Kailangan ding hikayatin ang mga pwersang patriyotiko na matatag na labanan ang mga pasistang patakarang kaakibat ng "digmang kontra-terorismo" ng US, kabilang ang itinutulak na panukalang batas laban sa "terorismo" na naglalayong supilin ang mga saligang karapatang sibil ng mamamayang Pilipino.

Malaki ang kabuluhan ng patriyotiko at demokratikong nagkakaisang prente. Maihahambing ito sa masaklaw na pagkakaisa ng mamamayan noong 1991 laban sa mga base militar ng US na humantong sa pagbabasura ng bagong tratadong militar. Katunayan, maaaring mas marami pa ang mapabilang sa patriyotikong prenteng ito dahil tampok na tampok ngayon ang napakaraming usaping naglalantad sa imperyalistang pang-aapi sa Pilipinas at pagkapapet ng neokolonyal na republika.

Malaki ang maaaring gampanang papel ng puspusang pagkilos at paglaban ng patriyotikong nagkakaisang prente sa pagbigo sa tangka ni Macapagal-Arroyo na manatili sa poder lagpas sa 2004. Ngayon pa lamang, maaari nang mailuwal ang makapangyarihang kilusang masa para sa pagwawakas ng tutang rehimeng Macapagal-Arroyo. Isang magandang bagay kung ang hahalili kay Macapagal-Arroyo ay maninindigan para sa isang programang nagtataguyod sa pambansang soberanya at kalayaan sa larangan ng ekonomya, pulitika at militar.

Ang tinig ng patriyotismo ni Guingona

**S**a harap ng sagad-sagarang pagpapakapapet ng rehimeng Macapagal-Arroyo, namumukod-tangi ang patriyotikong tinig ni Bise Pres. Teofisto Guingona.

Sadyang makabuluhan ang matatag na pagtindig ni Guingona laban sa Balikatan, sa MLSA at iba pang kasunduang militar sa pagitan ng Pilipinas at US. Tinututulan niya ang pagpasok ng tropang US sa bansa at ang pagdawit nito sa Pilipinas sa nakaambang imperyalistang gera sa Iraq. Pinanindigan niya ang mga ito kahit pa ang naging katumbas ay ang pagtanggal sa kanya bilang kalihim ng Department of Foreign Affairs noong Hulyo.



Noon pa ma'y nagpamalas na ng patriyotiko at antipasistang paninindigan si Guingona. Kabilang siya sa ilampung libong ibinilanggo ng pasistang diktadurang Marcos nang ideklara nito ang batas militar noong 1972. Nang makalaya, ipinaglaban niya bilang abugado ang pagpapalaya sa mga bilanggong pulitikal at inilantad niya ang talamak na mga kaso ng paglabag sa karapatang-tao. Isa rin siya sa mga tumutol sa kwestyunableng mga utang panlabas at nakiisa sa malawak na anti-diktadurang kilusang masa.

Patuloy na nanindigan si Guingona kahit noong maging senador siya sa ilalim ng rehimeng Aquino. Noong Setyembre 16, 1991, kabilang siya sa 12 senador na bumoto laban sa RP-US Treaty on Friendship, Cooperation and Security na nagwakas sa 50 taong pananatili ng mga base militar ng US sa Pilipinas.

Nanindigan din si Guingona laban sa pagpapatibay ng General Agreement on Tariffs and Trade (GATT) na



4

inisponsor ni Macapagal-Arroyo sa senado noong 1994. Ang kasunduang ito ang nagsilbing pundasyon ng liberalisasyon ng ekonomya na ngayo'y nagdudulot ng walang kaparis na krisis sa Pilipinas. Noong 1999, tinutulan ni Guingona ang Visiting Forces Agreement kahit karamihan ng mga kapartido niya sa LAKAS-NUCD ay bumoto para rito. Iginiit niyang babaligtarin ng kasunduan ang matagumpay na pagpapatalsik sa mga base militar ng US.

Noong 2000, isa sa mga nagpasikad sa proseso ng *impeachment* ni Joseph Estrada ang talumpating "I Accuse" ("Inaakusahan kita") ni Guingona. Buungbuo siyang nakiisa at aktwal na lumahok sa kilusang masa para patalsikin si Estrada. Ang kanyang tampok na papel dito ay di mabalewala ni Macapagal-Arroyo kaya't itinalaga siya bilang bise presidente.

Gayunpaman, pinanatili ni Guingona ang kanyang paninindigang patriyotiko.

Dahil dito, umaani siya ng papataas na paggalang at suporta ng mamamayan. Magpapatuloy ang mainit na suporta ng sambayanan kay Guingona kung ipagpapatuloy niya ang kanyang patriyotismo at maka-mamamayang paninindigan.

Kung tutugon siya sa hamong ito, mapapabilang siya sa hanay nina Claro M. Recto, Lorenzo Tañada at Jose Diokno na mga simbolo ng tapang at paninindigan para sa pambansang kasarinlan at gumanap ng makabuluhang papel sa kasaysayan ng paglaban ng sambayanang Pilipino para sa pambansang kalayaan.

## Pagpapatalsik sa mga base militar, ginunita

GINUNITA NITONG SETYEMBRE 16 ANG IKA-11 ANIBERSARYO ng pagbabasura ng senado sa tratado para sa mga base militar ng US sa Pilipinas. Ang pagtitipong ginanap sa University of the Philippines at tinawag na "Reliving September 16, 1991" (Muling pagsasabuhay sa Setyembre 16, 1991) ay inorganisa ng Bayan Muna at nina Bise Pres. Teofisto Guingona at dating Sen. Wigberto Tañada.

Labindalawang senador, kabilang sina Tañada at Guingona, ang bumoto laban sa panukalang "RP-US Treaty of Friendship, Cooperation and Security" na naghudyat sa pagwawakas sa 50 taong pananatili ng mga base militar ng US sa Pilipinas.

Dinaluhan ang aktibidad ng mga lider at myembro ng mga organisasyong masa. Nakiisa rin dito sina Pastor "Boy" Saycon ng Council for Philippine Affairs at Linda Montayre ng People's Consultative Assembly (kapwa mga dating alyado ni Macapagal-Arroyo).

Iginiit ng mga dumalo sa pagtitipon na dapat

isapubliko ni Macapagal-Arroyo ang nilalaman ng Mutual Logistics Support Agreement at obligahin siyang ihapag ito para sa deliberasyon ng Senado.

Noong araw ding iyon, daan-daang demonstrador ang nagrali sa tapat ng US Embassy upang tutulan ang interbensyong militar ng US sa Pilipinas at ang bantang pag-atake nito sa Iraq. Ang kilos protestang pinamunuan ng BAYAN, Bayan Muna at iba pang progresibong organisasyon ay dinaluhan din ng mga myembro ng International League of Peoples' Struggle.

Kasabay nito, inorganisa ng Liberal Party (LP) ang pagpapasinaya sa monumentong tinawag na "Inang Laya". Tinanghal ng monumento ang kawastuan ng pagpapatalsik sa mga base militar. Kahit pa ang LP ay bahagi ng naghaharing koalisyon, mapangahas nitong sinalungat ang sagad-sagarang maka-imperyalistang tindig ng tagapangulong pandangal nitong si Macapagal-Arroyo.

Ipinapakita ng matatagumpay na taktikal na opensibang ito na nakahanda ang mga rebolusyonaryong pwersa na harapin at biguin ang all-out war campaign ng rehimeng Macapagal-Arroyo. Alinsunod sa panawagan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas, patuloy na paiigtingin ng mga rebolusyonaryong pwersa ang armadong pakikibaka sa pamamagitan ng paglulunsad ng paparaming mga armadong taktikal na opensiba." - Ka Roger, Setyembre 29, 2002

## Munisipyo sa Quezon, nireyd ng BHB

Sinalakay ng mga Pulang mandirigma ng BHB ang munisipyo ng Lopez, Quezon noong hapon ng Setyembre 27. Namatay sa naturang reyd ang hepe ng pulisya sa Lopez na si Supt. Cesar Santander, si Supt. Nestor Santiago at isa pang elemento ng PNP.

Mabilis na nakapasok sa munisipyo ang mga gerilya gamit ang taktikang panlalansi. Ang ilan sa kanila ay nagsuot ng barong at nagkunwang magsasampa ng kaso at ang ilan naman ay nagpanggap na mga sundalo ng AFP at ahente ng National Bureau of Investigation.

Nakapwesto na sa loob ng munisipyo ang mga gerilya nang makahalata ang ilang pulis at manlaban. Nakontrol ng mga Pulang mandirigma ang munisipyo pagkatapos ng ilang minutong labanan at kinumpiska ang lahat ng armas sa armori bago sila ligtas na umatras.

## Scout Rangers, inambus sa Leyte

Apat na elemento ng Philippine Army Scout Rangers ang namatay at dalawa ang nasugatan sa ambus na inilunsad ng isang platun ng BHB sa Barangay Mabuhay, Mahaplag, Leyte noong Setyembre 20. Naganap ang ambus bandang 3:15 n.h. habang patungo ang mga elemento ng 3<sup>rd</sup> Scout Ranger Company sa Tacloban City. Lulan ng Kennedy-type na dyip ang apat nang tambangan.

Limang matataas na kalibreng armas ang nasamsam ng BHB sa naturang labanan kabilang ang isang M203, dalawang M16, isang Baby-M16 at isang M14.

Ang sumaklolong reimporsment na isang platun mula sa 3<sup>rd</sup> SR Company at Charlie Company ng 53<sup>rd</sup> IB PA ay tinambangan ng isang *blocking force* ng BHB. Isa ang patay sa panig ng kaaway.

Samantala, noong araw ding iyon ay nakaenkwentro ng isang yunit ng BHB ang mga pwersa ng 63<sup>rd</sup> IB. Isang sundalo ang namatay dito.



## 33 armas, nakumpiska sa reyd sa Compostela Valley

Umabot sa 33 armas ang nasamsam nang ireyd ng mga Pulang mandirigma sa ilalim ng Rhyme Petalcorin Command-Bagong Hukbong Bayan (RPC-BHB) ang istasyon ng Philippine National Police sa Maco, Compostela Valley noong Setyembre 24. Kabilang dito ang 17 armalayt, tatlong M14, apat na garan, dalawang karbin, tatlong pistolang 9 mm, tatlong pistolang .38, isang Browning *automatic rifle*, mga bala at isang VHF *radio*.

Ayon kay Diomabok Kadyawan, tagapagsalita ng RPC-BHB, pinatunayan ng mapangahas na reyd ang kakayahan ng BHB na maglunsad ng mga sorpresang atake sa mga lehitimong target. Aniya, naging matagumpay ang reyd dahil sa kooperasyon ng mamamayan sa BHB.

Naisagawa ang mapangahas na reyd nang walang putok dahil sa taktikang panlalansi. Dinakip muna ng mga gerilyang nagpanggap na mga sundalo ng Philippine Army si Meyor Miller Alaba ng Maco at bandang 6:30 ng gabi ay dinala ito sa istasyon ng pulis sa Barangay Mapaang. Ipinakilala ni Alaba ang mga Pulang mandirigma bilang mga sundalo ng 72nd IB kaya madali nilang napasok ang istasyon at nadisarmahan ang mga pulis. Nilimas ng mga Pulang mandirigma ang armori ng istasyon sa loob ng 15 minuto. Maalwan silang nakaatras sa kalapit na gubat.

Dahil sa kahihiyan, agad na ipinatanggal ng rehimeng Macapagal-Arroyo ang buong pwersa ng PNP sa Maco at kinasuhan ng "treason" o pagtataksil si Alaba. Pinaiimbestigahan na rin ang kainutilan ng lokal na grupong paniktik.

# Patuloy na nang-uupat ng gera si Bush laban sa Iraq

Desidido si Presidente George W. Bush ng US na gerahin ang Iraq, may suporta man siya o wala. Buong pagmamatigas niyang iginigiit ang pagpapabagsak kay Saddam Hussein na pilit niyang inilalarawang isang berdugo at banta sa kapayapaan ng mundo at sibilisasyon.

Binabraso nina Bush at State Sec. Colin Powell ang United Nations (UN) na agarang maglabas ng bagong resolusyong magpapahintulot sa US na salakayin ang Iraq kung hindi ito tatalima sa mga resolusyon ng UN. Kasabay nito'y naghapag si Bush ng resolusyon sa kongreso ng US na naggigiit ng paglulunsad ng aksyong militar laban sa Iraq. Itinakda ni Defense Sec. Donald Rumsfeld na kailangan itong pagtibayin bago ang eleksyon sa Nobyembre 5.

Parang sangganong binalewala ni Bush ang mga proseso ng UN. Nitong Setyembre 26, binomba na ng mga eroplanong US at United Kingdom (UK) ang dalawang sibilyang paliparan sa katimugang bahagi ng Iraq, dahil saklaw umano ito ng "no-flyzone" (o erya kung saan bawal magpalipad ng eroplano), isang patakarang pwersahang ipinataw ng US at UK noong 1991.

Sinabi rin ni Bush na "taktika lamang" ng Iraq ang deklarasyon nito noong Setyembre 17 na pumapayag na itong papasukin ang mga *weapons inspector* ng UN na noong una'y siyang iginigiit ng US. Ang mga inspektor na ito ay pinangakuan din ng Iraq na bibigyan ng lahat ng puwang sa pag-iimbestiga.

Ang desisyon ng Iraq ay alinsunod sa kagustuhan ng nakararaming myembro ng UN. Naglalayon itong pabulaanan ang mga akusasyon ng US na gumagawa at nagpapalaganap ito ng weapons of mass destruction.

#### **MAKITID NA SUPORTA**

Noong isang taon, sinamantala ni Bush at mga militarista ang hinagpis at galit ng mamamayang Amerikano matapos ang teroristang atake sa World Trade Center at Pentagon. Agad niyang nakuha ang suporta ng kongreso at opinyong publiko para sa paglulunsad ng "gerang kontra-terorismo" at armadong agresyon sa Afghanistan. Ngunit habang lumalao'y natatauhan na rin ang mamamayang Amerikano at mamamayan ng buong mundo sa kahibangan ng doktrinang Bush.

Nagsimulang kumitid ang suporta nang palawakin ang saklaw ng "gerang kontra-terorismo" lampas sa Afghanistan. Nahiwalay ang US nang magbanta ito na alinmang bansang hindi papanig sa naturang gera ay ituturing na kaaway. Lalong nahihiwalay ngayon ang US dahil sa pang-uupat nito ng digma laban sa Iraq.

"No to War!" ang sigaw ng paparaming mamamayang Amerikano. "Adbenturismo," matinding puna ni Chancellor Gerhard Schroeder ng Germany sa balak ni Bush na pag-atake sa Iraq. Para naman sa France, Russia at China, makasasapat na sa ngayon ang inspeksyon lamang sa sinasabing weapons of mass destruction. Matindi naman ang pangamba ng Arab League na magbubunsod ng malaking kaguluhan ang planong pag-atake ng US sa Iraq. Ayaw ding masangkot sa digma ang Canada at Indonesia na mga alyado ng US.



6 Oktubre 2002. ANG BAYAN

Tanging si Prime Minister Tony Blair ng UK—at ang maaasahang tutang si Macapagal-Arroyo—ang tahasang sumusuporta kay Bush.

Sa kabila ng malawakang pagtutol sa gera laban sa Iraq, inatasan pa rin ni Bush ang kanyang matataas na upisyal-militar at ang Central Intelligence Agency na magsaayos ng pakikipagtulungang militar sa Qatar at ng permanenteng paghimpil doon ng 1,000 tauhan ng US Central Command.

# Bush: Hitler, banta sa kapayapaan

Laking galit ni US Pres. George W. Bush nang ihalintulad siya ni Justice Minister Herta Duebler-Gmelin ng Germany kay Adolf Hitler, ang kinamumuhiang lider ng pasistang Nazi. Ani Deubler-Gmelin, ang ginagawang panguupat ni Bush ng gera sa Iraq ay naglalayong "ilayo ... ang atensyon (ng publiko) sa mga suliraning pampulitika ng kanilang bansa. Ganito rin ang ginawa noon ni Hitler."

Bago ito, pinuna ni Prime Minister Jean Chretien ng alyado nitong Canada ang unilateralismo at arogansya ng US. Sa isang interbyu, iniugnay ni Chretien ang mga teroristang atake sa pandaigdigang kahirapan at pang-ekonomyang paghahari ng US sa mundo. Ang US din, aniya, ang dapat sisihin kaugnay ng mga teroristang atake noong Setyembre 11, 2001. Dagdag pa ni Chretien, "hindi dapat gamitin ng US ang kanyang lakas upang hamakin ang iba."

Kaugnay din nito, tinawag ni Nelson Mandela, dating pangulo ng South Africa at isang awardee ng Nobel Peace Prize, na isang banta sa kapayapaan ang US. Ayon kay Mandela, sinasabotahe ng US ang UN bilang tagalutas ng mga pandaigdigang alitan at gulo. Sinabi rin niyang ang pagmamatigas ng US laban sa Iraq ay pumapabor sa mga kumpanya ng langis at industriyang pandigma ng US.

Bukod pa ito sa 5,000 armadong tauhan nila sa Prince Sultan Airbase sa Saudi Arabia at sa 30,000 kataong Tank Division na dati nang nakapusisyon sa Kuwait. May napapabalita pang aabot sa 250,000 tropang Amerikano ang nasa Persian Gulf sa ngayon. Naiulat din na aabot sa 100,000 tropa ang sasalakay sa Iraq.

#### MGA MOTIBO NI BUSH

Wala pa man siyang maipakitang solidong batayan ng



sinasabi niyang ugnayan ng gubyernong Iraq at ng teroristang al Qaida, o sa sinasabi niyang pagtatago at paggawa ng weapons of mass destruction, nagmamadali na si Bush sa paghahanda ng atake sa Iraq alinsunod sa kanyang "first strike policy". Bakit gayon na lamang ang pagkamuhi ni Bush sa Iraq?

Ang totoong pinakamalaking motibo ni Bush ay ang maghanap ng solusyon para sa mga desperadong monopolyo kapitalistang Amerikano na batbat ng mga suliraning dulot ng pagbagsak ng *stock market*, pagsambulat ng mga anomalya sa malalaking korporasyon at ligalig na bumabalot sa mamamayang Amerikano dahil sa matagal nang umiiral na resesyon. Kung hindi ito mareremedyuhan, manganganib ang Republican Party ni Bush sa halalan sa Nobyembre.

Sa pamamagitan ng produksyong pandigma, nais ng gubyernong Bush na pasikarin ang ekonomya. Aabot sa \$379 bilyon ang nakatakdang ibuhos ni Bush sa produksyon ng mga kagamitang militar. Dagdag dito, naglaan ng \$50 bilyon si Bush para sa "digmang kontra-terorismo".

May partikular na halaga para sa US ang planong pagsalakay sa Iraq. Wika nga ng mga upisyal ng Iraq, "gustong kontrolin ng US ang aming langis." Pumapangalawa sa Saudi Arabia ang laki ng reserbang langis ng Iraq. Pinag-iinteresan ng US at iba pang imperyalista ang 112 bilyong bariles na reserbang ito.

Galit na galit ang US dahil naggigiit ng kasarinlan ang Iraq. Gustung-gusto itong pabagsakin ni Bush upang maitayo roon ang isang rehimeng pabor sa mga patakarang ididikta ng US.

# US: Banta sa seguridad at kasarinlan ng mga bansa

Aroganteng ipinangangalandakan ng bagong dokumentong National Security Strategy (NSS) ng US ang katayuan nito bilang nag-iisang superpower sa kasalukuyan. Inilabas ang naturang dokumento noong Setyembre 20 bilang bahagi ng kampanya ng pang-uupat ni Bush ng gera laban sa Iraq.

Sa NSS, tahasang nagbabanta ang US na lubusang gagamitin ang taglay na pandigmang superyoridad upang hadlangan ang pagsisikap ng alinmang bansa na tapatan ang kapangyarihan nito.

Isinasangkalan ng US ang atake noong Setyembre 11, 2001 upang palabasing pagtatanggol-sa-sarili ang mga armadong agresyong nais nitong ilunsad.

Habang buong yabang na nananawagang biguin ang paglikha ng ibang bansa ng weapons of mass destruction, tuwiran naman nitong sinasabing magmamantine ang US ng sapat na pwersa at arsenal upang tiyakin umano ang kapayapaan. Hindi umano ito mag-aatubiling unahan ng atake ang alinmang bansang ituturing nitong terorista "bago pa man makarating ang banta" sa US.

Tahasan na ring binabalewala ng US ang papel ng ibang bansa sa pagpapasya kaugnay ng mga internasyunal na alitan. Hindi umano ito magdadalawang-isip na umaksyon nang solo "kung kinakailangan".

Binubuod ng NSS ang doktrinang Bush na dili iba ang walang rendang paggamit ng pwersang militar upang patuloy na ipataw sa daigdig ang paghahari ng imperyalismong US.

ΑB

## Pagtutol sa gera laban sa Iraq, lumalawak

umalawak ang pagtutol ng mamamayan ng daigdig sa planong agresyon ng US laban sa Iraq.

Sa London, kabisera ng United Kingdom, umabot sa 150,000 ang nagrali noong Setyembre 28 para tutulan ang balak ng US at UK na salakayin ang Iraq. Ang rali, na inorganisa ng Stop the War Coalition at ng Muslim Association of Britain, ang isa na sa pinakamalalaking demonstrasyong anti-gera sa kasaysayan ng Europe.

Tanda ng matinding di-pagsang-ayon maging ng mga upisyal ng UK sa mga mapanggerang patakaran ng gubyerno rito, nakiisa at nagsalita sa rali si Ken Livingstone, alkalde ng London, at nagpadala ng mensahe ng pakikiisa si Mo Mowlam, dating myembro ng kabinete ni Blair na ngayo'y mahigpit na niyang kritiko. Nagtalumpati sa rali ang mga parlamentaristang kapartido ni Blair sa Labour Party. Nagtalumpati rin si Scott Ritter, lider ng grupo ng mga *weapons inspector* na pumasok sa Iraq noong 1998. Dumalo rin sa rali ang mga lider ng unyon at ilang matataas na upisyal ng Church of England.

Sa Rome, Italy, isa ring martsa-rali laban sa panggegera ng US sa Iraq na inorganisa ng Communist Refoundation Party ang dinaluhan ng mahigit 100,000 katao noon ding Setyembre 28. Ayon sa pinakahuling mga sarbey, halos 70% ng mamamayan sa Italy ang tutol sa paglulunsad ng gera sa Iraq, taliwas sa pusisyon ni Silvio Berlusconi, ang maka-Kanang *prime minister* ng bansa.

Naglunsad ng gayunding mga rali sa Paris, France; sa Syndey, Australia; at sa iba't ibang syudad sa US noong September 28 at 29.

Sa Pilipinas, mahigit 100 taong simbahan mula sa 22 bansa ang nagrali sa tapat ng US Embassy sa Pilipinas noong Setyembre 27 para kundenahin ang "terorismong estado ng US" laban sa Iraq at iba pang target ng "gera laban sa terorismo." Ang rali ay nagsilbing rurok ng International Ecumenical Conference on Terrorism in a Globalized World na ginanap sa Pilipinas mula Setyembre 23-26. Dinaluhan ito ng 130 delegado, kabilang ang 103 dayuhang taong simbahan mula sa 22 bansa na kumakatawan ng 14 na denominasyon.

Bago ito, lumahok din sa isang rali sa harap ng US Embassy noong Setyembre si Sandeep Pandey, isang inhinyerong Indian na kabilang sa mga Ramon Magsaysay *awardee* ngayong taon. Si Pandey ay lantarang tumuligsa sa "gerang kontra-terorismo" ng US. Bilang protesta, ibinalik ni Pandey ang premyong \$50,000 na ipinagkaloob sa kanya bilang Magsaysay *awardee* dahil ito ay galing sa Rockefeller Brothers Foundation, isang reaksyunaryong institusyong Amerikano.

# Iskandalosong korapsyon ng mag-asawang Arroyo

Sobrang siba ang mag-asawang Mike at Gloria Arroyo sa panghuhuthot ng suhol at komisyon sa bawat pasuking kontrata, maliit man o malaki, at sa lahat ng mga pampinansyang institusyon ng gubyerno. Mismong si Mike Arroyo ang direktang nakikipag-usap sa mga dayuhang kontratista upang tiyakin ang pinakamalaking posibleng madudugas.

Noong Setyembre 19, ibinunyag ni Sulpicio Tagud Jr., isa sa mga direktor ng Public Estates Authority (PEA), na sangkot mismo si Mike Arroyo at mga kroni nito sa PEA sa maanomalyang konstruksyon ng President Diosdado Macapagal Boulevard (PDMB) sa Maynila. Ayon kay Tagud, nakipagsabwatan ang Board of Directors ng PEA sa JD Legaspi Corporation (JDLC) upang palabasing mahigit P1 bilyon ang gastos sa konstruksyon kahit nasa P500 milyon lamang ang aktwal na gastos

nito. Ang P600 milyon ay dumiretso sa bulsa ni Arroyo.

Mahigit kalahati ng gastos ng PEA (P500 milyon) ay pondo mula sa Government Service Insurance System (GSIS). Mismong ang Malakanyang ang nagutos na pautangin ng GSIS ang PEA sa kabila ng mga problemang pampinansya ng ahensya. Para tugunan ito, binimbim ng GSIS ang pagbibigay ng buwanang pensyon sa mga retiradong kawani. Tinanggihan din nito ang maraming aplikasyon para sa utang ng mga myembro ng GSIS at ipinagpaliban ang proyektong pabahay para sa kanila.

Dati nang ginagawang palabigasan ng mga nasa poder ang kontrata ng JDLC. Napakinabangan na ito ni Estrada noong 1999. Ngunit naging mas malaki ang panghuhuthot nang ilagay ni Macapagal-Arroyo ang mga tauhan niya sa pamunuan ng PEA. Nagsilbing daluyan ng kikbak si Ernest Villareal, pinuno ng PEA at isang matalik na kaibigan ni Mike Arroyo. Mangyari pa, tumatayo ring pinuno si Villareal ng Bigkis Pinoy Foundation, isang organisasyong prente ng pamilyang Arroyo at hinihinalang tagalikom ng pondong pang-eleksyon ni Macapagal-Arroyo para sa 2004.

Bago pumutok ang anomalya sa PDMB, nabunyag na sa publiko ang panghuhuthot ng mag-asawang Arroyo sa pamilyang Cheng, ang litaw na may-ari ng Philippine International Air Terminals Co. (PIATCo). Ang PIATCo ang kumpanyang kinontrata ng gubyerno para sa konstruksyon ng Ninoy Aquino Internationl Airport (NAIA) Terminal 3 sa ilalim ng iskemang build-operate-transfer. Pagkaupung-pagkaupo pa

lamang nito sa poder, agad nang nakipag-areglo ang mag-asawang Arroyo sa PIATCo.

Kapalit nito, nangakong magbigay ang PIATCo ng humigit-kumulang \$4.4 milyon (P220 milyon sa palitang P50=\$1) na lagay kay Macapagal-Arroyo. Ipinwesto ng mag-asawang Arroyo, sa tulong ng opereytor nilang si Dante Ang, si Alfonso Liongson bilang "espesyal na konsultant" ng PIATCo para magsilbing daluyan ng suhol. Mula Hunyo hanggang Disyembre, tumanggap si Liongson ng \$2.1 milyon (P105 milyon).

Hindi na nakumpleto ang \$4.4 milyong suhol dahil napilitang magtago si Liongson noong Enero 2002 nang magpatuloy ang mariing pagbatikos sa maanomalyang kontrata at unti-unti nang nasisilip ang panghuhuthot ng mag-asawang Arroyo. Nitong Agosto, pinalipad na siya sa Hongkong upang putulin ang ugnay sa mag-asawang Arroyo.

Para makapiga pa ng mas malaki, nagmaniobra si Macapagal-Arroyo upang maipwesto ang sariling tao sa PIATCo. Kunwa'y ipinarepaso niya ang kontrata sa PIATCo at ipinadeklara itong maanomalya. Matapos ito, inatasan niya si Gloria Tan-Climaco, *presidential adviser on strategic projects*, na ilantad na ang PIATCo ay prente lamang ng Frankfurt Airport Services Worldwide (Fraport AG), isang kumpanyang German, upang mapresyur ang kumpanya na putulin na ang pakikisosyo sa pamilyang Cheng at ipalit dito

sundan sa pahina 10

## Sabwatang Mike Arroyo-NAD

Mismong si Miguel "Mike" Arroyo, asawa ng presi-dente, ang nasa likod ng serye ng mga anti-komunistang patalastas ng National Alliance for Democracy (NAD) na lumalabas sa dyaryo mula noong Hulyo.

Ang NAD ay isang antikomunistang vigilanteng gru-

pong itinatag noong panahon ng rehimeng US-Aquino. Pinamumunuan ito ni Pastor "Jun" Alcover Jr., isang anti-komunistang komentarista sa radyo sa Cebu.

Direktang kumukuha ng pondo ang NAD sa Bigkis-Pinoy, isang grupong *party list* na binuo ni Mike Arroyo para sa kanyang asawa. Kinukuha naman ng Bigkis-Pinoy ang pinansya mula sa PAGCOR sa pamamagitan ng tagapangulo nitong si Ephraim Genuino na tauhan din ni Mike Arroyo.

Pilit na inilalarawan sa naturang mga patalastas na terorista ang mga rebolusyonaryong pwersa. Idinadawit din ng mga ito ang mga ligal na demokratikong organisasyon tulad ng BAYAN, Bayan Muna at KARAPATAN. Sinisiraan din nito si Kasamang Jose Ma. Sison tulad ng ginagawang paninira ng militar.

Hindi rin pinatawad ng NAD ang iba pang bumabatikos kay Macapagal-Arroyo tulad nina Linda Montayre ng People's Consultative Assembly at Crispin Remulla ng Partido ng Masang Pilipino. Ang mga ito ay kilalang malapit sa mga potensyal na karibal ni Macapagal-Arroyo sa 2004.

Kapansin-pansin ang paglarga ng anti-komunistang kampanya ng rehimeng Macapagal-Arroyo pagkabalik niya mula sa pakikipag-usap kay Presidente Bush ng US noong Nobyembre 2001.

Para rito, muling binuhay ni Mike Arroyo ang NAD. Si Joseph Estrada ang huling nagsisilbing padrino nito.

Noong Hulyo, halatang marami nang pera ang organisasyon nang maglabas ito ng tig-P200,000 patalastas sa mga pambansang pahayagan laban sa rebolusyonaryong kilusan. Pinangangasiwaan mismo ni Jaime Policarpio, dating tauhan ni Estrada na katuwang ngayon ni Mike Arroyo, ang black propaganda ng NAD.

Pinaglunsad rin ang NAD ng mga raling pro-US noong dumating sa bansa si US State Sec. Colin Powell. Nagrali rin ito laban kay Fr. Robert Reyes nang batikusin niya ang di pagpapailalim sa repormang agraryo ng mga lupain ng malalaking panginoong maylupa tulad nina Mike Arroyo at Danding Cojuangco.

Sa state of the nation address ni Macapagal-Arroyo noong Hulyo, sinabi niyang hindi lahat ng nagrarali noon sa labas ng Batasang Pambansa ay laban sa kanya. Pinuntahan niya ang rali ng mga maka-Macapagal-Arroyo na inilunsad ng Bigkis-Pinoy at NAD.

#### "Korapsyon", mula sa pahina 9

ang grupo ni Lucio Tan na kroni ni Macapagal-Arroyo. Sadyang si Climaco ang "pinagrepaso" dahil hindi lingid sa kanya ang mga maanomalyang probisyon at transaksyon ng PIATCo. Dati siyang tagapangulo ng kumpanyang Sycip, Gorres and Velayo na siyang nag-aawdit sa PIATCo at Fraport. Sangkot din si Climaco, kasama si Executive Sec. Alberto Romulo sa ginawang panunuhol ng PIATCo at Fraport kay Pantaleon Alvarez, dating kalihim ng Department of Transportation and Communication. Kasabwat si Alvarez, pinalobo ng PIATCo ang gastos sa

konstruksyon ng NAIA Terminal 3.

Binantaan ni Climaco ang Fraport na pwersahang aagawin ng gubyerno ang proyekto kung hindi ito papayag sa mga kundisyon ni Macapagal-Arroyo. Dahil umabot na sa \$375 milyon (P18.75 bilyon sa palitang P50=\$1) ang ibinuhos ng Fraport AG sa proyekto, bumigay na rin ito sa garapalang panghuhuthot ni Macapagal-Arroyo. Noong Setyembre 5, nangako ang Fraport na magpasulpot ng \$400 milyon (P20 bilyon) para sa proyekto. Ang \$300 milyon ay mapupunta sa mga lokal na kasosyo nito habang ang \$100 milyon (P5 bilyon) ay direktang mapupunta kay Macapagal-Arroyo.

10 Oktubre 2002. ANG BAYAN



Pagpusisyon ng mga magsasaka sa hilagang-kanlurang Leyte

## Pagkakaisa at kapasyahang lumaban

Sa kasalukuyan, mahigit 2,000 ektaryang lupain sa hilagang-kanlurang Leyte ang okupado at pinupusisyunan ng mahigit 1,000 pamilya. Matatagpuan ito sa mahigit 30 malalaking barangay sa Ormoc City at sa mga bayan ng Kananga, San Isidro, Leyte, Albuera, Villaba at iba pa.

Sa pagpusisyon, inookupa at binubungkal ng mga magsasaka ang mga tiwangwang na tubuhan, na karamiha'y inabandona ng mga panginoong maylupa o naremata ng mga bangko matapos malugi bunsod ng pagbagsak ng industriya ng asukal noong dekada 1980.

Kasabay ng sustenidong pagkilos upang pusisyunan ang lupa, naipagtagumpay din ng masang magsasaka roon ang pakikibaka upang ibaba ang upa sa lupa at itaas ang sahod ng mga manggagawang bukid sa mga maisan, niyugan at tubuhan. Ang mga pakikibakang ito,

na kinatatangian ng mahigpit na ugnayan ng mga magsasaka sa iba't ibang barangay, ay mainit na sinusuportahan ng mga manggagawa at mga panggitnang pwersa.

PAG-OKUPA SA ABANDONADONG LUPA. Ang mga lupain sa hilagang-kanlurang Leyte ay monopolisado ng iilang malaking panginoong maylupa. Naririto ang pinakamalalaking tubuhan, at ilan sa pinakamalalawak na niyugan at pastuhan sa Silangang Kabisayaan.

Dekada 1980 pa lamang ay may ilan nang ispontanyong pag-okupa sa mga tiwangwang na lupain. Sa simula'y kalat-kalat ang mga pagsisikap ng iba't ibang pamilya at grupo. Noong 1995, tinipon at kinoordina ito ng Samahan han Gudti nga Paraguma-Sinirangang Bisayas (SAGUPA-SB o Samahan

ng Maliliit na Magsasaka-Silangang Kabisayaan). Lumaganap ang mga pagkilos sa magkakatabing mga

> barangay at bayan, sa mga tabing haywey at baybaydagat, pati na sa labas ng mga tubuhan.

PAGBABALIK NG MGA PANGINOONG MAYLUPA. Bagamat abandonado na ang karamihan ng lupang inokupa, hindi naging madali ang pakikibaka ng mga magsasaka. Sa kabila ng ilang panahon nang paglinang ng mga pamilyang magsasaka

sa mga lupain, tinangka ng ilang panginoong maylupa at ng mga bangko na agawin muli ang mga lupain at ipagbili sa iba pang panginoong maylupa at negosyante.

Isa sa mga nagkainteres na mangamkam ng lupa para sa pagpapalawak ng kanyang rantso si Melchor Larrazabal. Ang pamilyang Larrazabal ay isang makapangyarihang angkan ng mga panginoong maylupang ilang dekada nang naghahari sa Leyte.

Noong 1996, napwersa ng mga magsasaka sa ilang lugar ang Department of Agrarian Reform na magdesisyong mamahagi ng lupa. Subalit hindi ito naipatupad dahil sa maniobra ng mga panginoong maylupa kung saan kabilang si Lito Osmeña.

Ang pamilyang Osmeña ay isa sa mga makapangyarihang angkan sa Cebu. Sa panahong ito, mayroon nang 100 ektaryang lupain si Lito Osmeña na balak niyang gawing paliparan. Interesado rin siyang gumawa ng *golf course* at mga iligal na bahay-aliwan para sa mga *pedophile* (mga taong may sekswal na pagnanasa sa mga bata) sa bayan ng San Isidro.

Pinasimunuan nina Osmeña at Larrazabal ang

pandarahas at pagsasampa ng mga gawa-gawang kasong kriminal laban sa SAGUPA-SB at mga indibidwal na magsasakang umokupa sa mga lupa.

KARAHASAN LABAN SA MGA MAGSASAKA. Noong Agosto 1999, isang barangay captain na lider ng SAGUPA-SB ang ipinapatay ni Melchor Larrazabal. Sa bayan naman ng Kananga, pinatay ng mga pulis at CAFGU ang lidermagsasakang si Reynaldo "Teting" Villota sa utos ni Loloy Labra, isang despotikong panginoong maylupa.

Subalit sa kabila ng patuloy na harasment, kahit sa mismong burol, buong-tapang na pinarangalan ng mga magsasaka ang mga pinaslang. Libu-libong magsasaka ang sumama nang imartsa ang mga kabaong ng dalawang pinaslang patungong sementeryo. Dala-dala ang mga pulang bandila at mga plakard at istrimer, ipinahayag nilang ipagpapatuloy ang pakikibakang pinagbuwisan ng buhay ng dalawa.

Hanggang sa kasalukuyan, sama-samang hinaharap ng mga magsasaka ang mga kaso at banta sa kanila. Patuloy silang naglulunsad ng mga piket, demonstrasyon, campout at iba pang anyo ng kilos-protesta. Kapag may lidermagsasakang hinuhuli at ikinukulong, dinadagsa nila ang kulungan upang magbigay ng suportang moral. May mga pangyayaring dahil sa pagkilos ng mga magsasaka, nagpasya ang husgado na pansamantalang palayain ang mga ibinilanggo. May kaso ring napipilitan ang husgado na babaan ang pyansa.

Dahil makapangyarihan sa gubyerno ang kanilang mga kalaban, talo ang mga magsasaka sa maraming kaso. Subalit hindi pa rin nila iniwan ang lupa. Bagkus ay tumibay pang lalo ang kanilang paninindigan. Isang halimbawa ang kaso sa isang pastuhan kung saan mula sa 150 katao, umabot sa 300 pamilya ang lumahok sa pagpusisyon at nagtutulungtulong sa pagtatanim sa kabila ng pananakot. Dahil maya't maya ay may pinapupuntang goons ang mga panginoong maylupa para bunutin ang mga pananim, nagpasya ang mga magsasakang magrelyebo sa pagbabantay sa kanilang mga sakahan.

Mabisang sandata ng mga magsasaka sa hilagangkanlurang Leyte ang mahigpit na pagtutulungan sa pagsusustine ng mga laban at pagpapalakas ng kanilang hanay. Patuloy nilang pinatataas ang kanilang kamulatan at diwang mapanlaban sa kabila ng tangka ng mga panginoong maylupa na sagkaan ang kanilang pagsulong. Dahil sa kanilang pagkakaisa at kapasyahang lumaban, tiyak na tuluy-tuloy silang aani ng mga tagumpay. 🕮

## Kapitulasyon at kriminalidad ng RPM-RPA-ABB

**T** bayong nalalantad ang kapitulasyon at kriminalidad ng Rebolusyonaryong Partido ng Manggagawa-Revolutionary Prole-tarian Army-Alex Boncayao Brigade (RPM-RPA-ABB).

Noong Agosto 31, isinumite ng mga kinatawan ng mga organisasyong masa kay Gov. Niel Tupas at Senior Supt. Johnny Mabugat ng Iloilo ang listahan ng mga paglabag ng RPA-ABB sa karapatang-tao. Kabilang dito ang mga kaso ng pananakot, pangingikil, rekrutment para sa CAFGU, iligal na pagtotroso at marami pang iba. Direktang pinangalanan sa naturang ulat

ang grupo nina Demetrio Capilastique alyas "Hugo" at Rufino Cadugo alyas

"Rocky".

Itinaon ang pagsumite ng listahan sa pag-apruba ni Macapagal-Arroyo

sa P17.5 milyon para sa nabuong aregluhang "pangkapayapaan" sa pagitan ng RPM-RPA-ABB at ng rehimen. Sa halagang ito,

P10 milyon ang mapupunta sa "reintegration" o "pagbabalik-loob sa gubyerno" ng mga sumukong RPM-RPA-ABB. Ang natitirang P7.5 milyon ay ilalaan diumano sa itatayong joint enforcement and monitoring committee para sa implementasyon ng aregluhang pininal sa "Clarification Document" na pinirmahan noong Pebrero 27, 2002 sa Quezon City.

Kasama sa mga pumirma sina Sec. Roilo Golez, Nilo de la Cruz, Arturo Tabara at Manuel Calizo. Saksi naman si Eduardo "Red" Kapunan, isang lider ng maka-Kanang >

Oktubre 2002 . ANG BAYAN 12

RAM. Matapos ito, buong kahambugang ipinagmamalaki ng RPA ang kanilang mga armas, unipormeng *camouflage* at *combat boots* na suplay ng gubyerno.

Maliban sa pagsisilbing mga pulis, inaamin ni Daniel Batoy, kumander ng RPA sa Panay, na kasama sila sa mga operasyong paniktik sa demokratiko at rebolusyonaryong kilusan. Kasama rin sila ng Philippine Army sa pag-tsetsekpoynt at mga operasyong militar sa maraming lugar.

Sa kabila ng suhol na tinatanggap nito mula sa AFP at rehimen, aktibo pa rin sa pangingikil ang RPM-RPA-ABB sa buong Panay. Hindi bumababa sa P1,200 kada barangay ang kinikikil nila buwan-buwan. Hindi rin bababa sa P500 ang kinikikil nila sa bawat byahe ng mga magtotroso sa isla. Tumatanggap din sila ng suhol bilang mga maton sa mga demolisyon sa Boracay Island, Malay, Aklan.

Sa Negros Occidental, maraming mamamayan ang hindi nakaboto sa eleksyong pambarangay noong Hulyo dahil sa pananakot ng RPM-RPA-ABB. Nagbantay sa mga botohan ang mga armadong elemento ng RPA para ikampanya ang kanilang mga "manok" sa eleksyon sa mga bayan ng Calatrava at Don Salvador Benedicto.

Nagsisilbi rin silang mga bayarang mama-matay-tao at *goons* ng mga pulitiko gaya ni Danding Cojuangco at ng mga kapartido nitong si dating Rep. Oscar Garin, dating meyor Nene de la Cruz at asawa nitong si Cynthia, meyor ng Don Salvador Benedicto.

Simula pa noong 1997, ang RPA ay aktibo nang ginagamit ni Gen. Gerry Flores, dating hepe ng PNP Intelligence. Nagsisilbi rin silang *goons* ni Flores at ng asawa niyang meyor ng Miag-ao, Iloilo.

Direkta itong nakaugnay sa Red Vigilantes Group na sangkot sa pagtutulak ng bawal na droga, *kidnap for ransom* at iba pang gawaing gangster sa Nueva Ecija.



## Ipagtanggol si Ka Joema!

Naglunsad ng piket-protesta ang mga progresibong kabataan, sa pangunguna ng Anakbayan, sa harap ng embahada ng The Netherlands sa Makati noong Setyembre 24. Sa isang sulat-petisyon, iginiit ng mga nagpuprotesta sa gubyernong Dutch na ibalik ang mga karampatang benepisyo bilang political refugeee ni Kasamang Jose Ma. Sison, Senior Political Consultant ng negotiating panel ng National Democratic Front of the Philippines (NDFP). Bilang tulong, nagpadala sila ng isang simbolikong "care package" na naglalaman ng mga delata, bigas, gamot, tubig na maiinom at iba pa.

Bilang pagsuporta kay Kasamang Sison, inilunsad rin ng Anakbayan ang kampanyang "Piso para kay Prof. Joema" na itinuturing nilang "isang mahusay na guro, tunay na tagapagtanggol ng kalayaan, mahusay na kaibigan, ama at kasama".

Noong Agosto 25, nagtipun-tipon ang mga pamilya, kasama at kaibigan ng pamilyang Sison at iba pang myembro ng *peace panel* ng NDFP sa Quezon City. Pinabulaanan nila ang "teroristang" bansag ng gubyernong US at Macapagal-Arroyo sa mga ito at iginiit ang kagyat na pagtigil ng rehimeng Macapagal-Arroyo sa kampanyang paninira laban sa NDFP. Ang pagtitipon ay dinaluhan din ng mga myembro ng *peace panel* ng GRP tulad nina Atty. Rene Sarmiento at Rep. Jose "Apeng" Yap. Nagpadala rin ng mensahe ng pakikiisa si Sen. Loren Legarda kung saan tinawag niyang "mga espesyal na klaseng Pilipino" sina Ka Joema at mga kasama.

Noong Setyembre 25, nagprotesta sa tapat ng embahada ng The Netherlands ang mga kasapi ng Philippine Solidarity Groups-Belgium. Natulog sila sa kalsada upang tuligsain ang kriminalisasyon sa kilusang masa sa Pilipinas at laban sa panggigipit ng gubyernong Dutch kay Prof. Jose Maria Sison. Inilunsad rin nila ang "1 euro para kay Sison" para sa mga batayang pangangailangan at pondong pandepensa (legal funds). (Ang isang euro ay katumbas ng P55.)

Dalampu't tatlong kinatawan naman ng European Parliament ang nagpahayag ng pagsuporta kay Ka Joema ▶

noong Setyembre 21. Sa pamamagitan ng isang petisyong ihinapag sa gubyerno ng The Netherlands, ipinanawagan nilang tanggalin na nito ang Partido Komunista ng Pilipinas at ang Bagong Hukbong Bayan sa ginawang listahan ng mga "teroristang organisasyon". Anila, inilalagay nito sa peligro ang usapang pangkapayapaan sa pagitan ng NDFP at Gubyerno ng Republika ng Pilipinas na malaon nang sinusuportahan at itinataguyod ng European Parliament. Ang 22 pumirmang mambababatas ay mula sa Denmark, France, Germany, Greece, Italy, The Netherlands, Portugal, Spain at Sweden.

Noong Setyembre 18, nanawagan sa isang press conference sina Archbishop Joris Vercammen ng Old Catholic Church ng Utrecht at Dominee Hans Visser ng Paulus Kerk ng Rotterdam na suportahan ang pakikibaka ni Ka Joema. Tinawag ni Visser na "estupido" ang desisyon ng gubyernong Dutch na ihinto ang pagbibigay ng mga benepisyo. Tinawag din nitong "katawa-tawa" ang paghahambing nito kay Ka Joema kay Osama bin Laden.

Samantala, naglunsad ng demonstrasyon sa harap ng embahada ng The Netherlands sa Chanakyapuri sa New Delhi, India nitong Setyembre 26. Inaresto ng pulisya ang mahigit 100 aktibista na may dalang lihampetisyon para sa gubyernong Dutch na humihiling na ibalik ang mga karapatan ni Kasamang Joema bilang political refugee.

Sa Vancouver, Canada, naglunsad ng piket sa harap ng embahada ng The Netherlands ang mga Pilipinong migrante bilang suporta kay Ka Joema at upang tuligsain ang terorismo ng US. Nagbigay din sila ng sulat-petisyon para sa pagtatanggol kay Ka Joema.

Ang mga aktibidad para sa pagtatanggol kay Ka Joema ay ikinokoordina ng Committee DEFEND. Sa *internet*, ang impormasyon tungkol sa kanyang kaso at paglaban ay matatagpuan sa www.defendsison.be.

Kaugnay nito, naglabas ng espesyal na isyu ang AB nitong Setyembre 22. 🕮

## PKP, nakiisa sa paggunita sa Set. 11

Nitong Setyembre 10, ipinahayag ni Gregorio "Ka Roger" Rosal, tagapagsalita ng Partido Komunista ng Pilipinas, ang pakikiisa ng Partido sa paggunita sa pagkamatay ng mahigit dalawang libong mamamayang Amerikano at iba pang nasyunalidad na biktima ng teroristang atake noong Setyembre 11, 2001. Ang sumusunod ay sipi mula sa pahayag na ito:

Makalipas ang isang taon, lalong idinidiin ng PKP ang paninindigan nito laban sa terorismo, laluna sa terorismo ng imperyalismong US na sumasalanta ngayon sa buong mundo....

Ginagamit ngayon ng imperyalismong US ang "digmang kontra-terorismo" bilang sangkalan para sa pagpapalawak ng kapangyarihan nito sa buong mundo. Pinipilipit nito ang kamay ng lahat ng bansa, niyuyurakan ang kanilang soberanya at binabalewala ang mga internasyunal na institusyon, kasunduan at mga pamantayan sa sibilisadong relasyon ng malalayang bansa.

Kinukundena ng Partido Komunista ng Pilipinas ang terorismo, panggegera at pang-uupat ng gera ng imperyalismong US. Kinukundena rin ng PKP ang rehimeng Macapagal-Arroyo na walang ginawa kundi ang bulag na pagsunod sa bawat utos ng amo nitong si US President Bush.

Sadyang iresponsable, walang batayan at malisyoso ang pagbabansag ng imperyalismong US at rehimeng Macapagal-Arroyo na terorista ang PKP at BHB. Pilipit ang pangangatwiran ni Macapagal-Arroyo na mga "generic terrorist" ang PKP at BHB dahil ito'y nagsusulong ng armadong pakikibaka na naglalayong pabagsakin ang reaksyunaryong gubyerno....

Ang ganitong pagbabansag sa PKP at BHB ay ginawa lamang upang mabigyang-katwiran ang tuluy-tuloy na presensya ng mga tropang Amerikano sa bansa.... Ginamit at patuloy na gagamitin ng US ang paglulunsad ng mga magkasanib na pagsasanay-militar bilang pantabing sa direktang armadong panghihimasok ng US sa mga panloob na usapin ng Pilipinas.

Naninindigan ang PKP at Bagong Hukbong Bayan na walang lugar at taliwas ang terorismo sa pagsusulong ng rebolusyonaryong armadong pakikibaka at labag ito sa mga internasyunal na pamantayan sa kondukta ng digmaan. Ang paninindigang ito ay hindi lamang ipinahayag ni Ka Roger, kundi nakaukit sa mga batayang prinsipyo at alituntunin na araw-araw na ipinatutupad ng mga mandirigma ng Bagong Hukbong Bayan.

14 Oktubre 2002 . ANG BAYAN

# Batas militar, ginunita sa buong bansa

Ang pagkiling ng gubyerno sa United States ay isang sitwasyon na katulad noong bago ipataw ni Marcos ang batas militar noong 1972. Ito ang deklarasyon ni Bise Pres. Teofisto Guingona, sa isang porum na inilunsad nitong Setyembre 21 sa De La Salle University, Manila. Bahagi ang naturang porum ng mga aktibidad na gumunita sa ika-30 taong anibersaryo ng deklarasyon ng batas militar.

"Bagamat wala pang batas militar, kamay-na-bakal naman ang naghahari", ang pagdedeklara naman ni Fr. Joe Dizon sa naturan ding porum.

Sa Laoag City, nagmartsa ang may 1,000 magsasaka na kasapi ng Solidarity of Peasants against Exploitation-Ilocos (Stop-Ex-Ilocos) at ng BAYAN-Ilocos. Nagtipon sa Divine Word College ang mga magsasaka mula La Union, Ilocos Sur, Ilocos Norte at Abra at nagmartsa patungong kapitolyo sa Laoag City upang ipaalala sa mga Ilokano ang malalagim na taon ng batas militar.

Sa Panay, nagmartsa ang may 1,700 magsasaka sa mga pangunahing kalsada ng Iloilo City. Ang kilos-protesta ay pinamunuan ng BAYAN at ng Paghugpong sang mga Mangunguma sa Panay kag Guimaras (Pamanggas). Tinuligsa nila ang malawakang militarisasyon sa Panay, laluna laban sa minoryang mamamayan.

Naglunsad rin ng rali sa iba't ibang lugar sa Negros tulad ng Bacolod City, Cauayan, Kabankalan at Escalante. "Ang panawagan natin ay huwag ulitin ang batas militar," sabi ni Julius Mirabeles ng BAYAN-Negros.

Isang pananda ang itinayo sa Cauayan, Negros Occidental upang alalahanin ang magigiting na nakibaka sa batas militar. "Tanda ito ng paghahari ng lagim sa panahon ni Marcos," anang Task Forces Detainees-Western Visayas (TFD-WV) na nanawagan kay Macapagal-Arroyo na itigil ang kanyang kampanyang *all-out war*.

Sinabi rin ng TFD-WV na dumarami ang mga bilanggong pulitikal. Kung ibibilang ang 12 inaresto sa Bikol at walo sa Negros na hinuli noong Agosto 30, aabot na sa 197 ang mga bilanggong pulitikal na nakapiit sa 63 bilangguan sa buong bansa.

# Bayan Muna, sinisiraan ng AFP

Nabunyag sa isang ulat ng Provincial Peace and Order Council (PPOC) ng Mt. Province na ang militar ang nasa likod ng mga paninira laban sa grupong *party list* na Bayan Muna.

Ayon sa ulat, malisyosong iniuugnay ng 5<sup>th</sup> ID ng Philippine Army sa rebolusyonaryong kilusan ang mga programang pinopondohan ng mga representante ng Bayan Muna. Ang mga ito ay ang P1 milyong proyekto para sa suplay ng tubig sa Barangay Mainit, Bontoc at ang P1 milyon ding *drainage system* sa isang pampublikong eskwelahang elementarya sa lugar.

Nakasaad rin sa report ang kasinungalingan ni Maj. Carlito Bueno Jr. ng 22<sup>nd</sup> Special Forces Company tungkol kina Wyndel Bolinget at Jonathan Torafeng, mga upisyal ng Cordillera People's Alliance. Sinasabi ni Major Bueno na bago gawin ang mga proyektong nabanggit ay kinausap umano nina Bolinget at Torafeng ang mga residente ng Barangay Mainit, Bontoc para sa mga boto ng mga ito sa eleksyong pambarangay at sa Sangguniang Kabataan noong Hulyo. Subalit ayon naman kay Bolinget, noon pang 1999 siya huling nakapunta sa Mainit.

Ayon naman kay Meyor Thomas Killip ng Sagada, Mt. Province, nababahala siya sa masamang pagtingin ng militar sa P5 milyong alokasyon ng Bayan Muna para sa pagpapagawa ng limang kilometrong kalsada sa ruta ng Ambasing at Sagada-Dantay.

Walang katwiran, aniya, ang kampanya ng militar kaban sa Bayan Muna. Ayon sa kanya, "sa katunayan, ang sinasabi (ng militar) na mga terorista ay ang mga taong nagnanais na tulungan ang aming komunidad."



## Mga kilos protesta laban sa PPA, inilunsad sa Panay

Humigit-kumulang 9,000 mamamayan sa Panay ang naglunsad ng mga kilos protesta nitong Setyembre laban sa *purchased power adjustment* (PPA).

Sa Iloilo City, aabot sa 7,000 ang nagmartsa sa mga pangunahing kalsada ng lunsod. Sa Roxas City, may 2,000 rin ang nagtipon para sa isang *prayer rally* laban sa PPA, kabilang ang 50 paring Katoliko.

Binuo noong Setyembre 12 ang People Opposed to Warrantless Electric Rates (POWER) sa prubinsya ng Iloilo. Kabilang sa koalisyon ang BAYAN, mga lokal nga gubyerno ng siyam na bayan sa Iloilo at ang Archdiocese of Jaro.

#### Protesta ng mga manininda

Di kukulangin sa 1,250 ang lumahok sa mga kilosprotesta mula Agosto 22 hanggang Setyembre 12, laban sa kampanya ni Bayani Fernando, tagapangulo ng Metro Manila Development Authority, na palayasin ang lahat ng manininda sa mga bangketa ng Metro Manila. Pinangunahan ito ng Alyansa ng mga Manininda sa Kalookan; Alyansa ng mga Manininda Para sa Pagtatanggol sa Kabuhayan at Karapatan; at Metro Manila Vendors Alliance.

## Presyo ng produktong petrolyo, muling tumaas

Muling tumaas ang presyo ng produktong petrolyo noong Setyembre. Umabot sa 39 na sentimo bawat litro ang ipinataw ng Caltex, Petron at Shell sa presyo ng gaas, gasolina at diesel. Panlimang pagtaas na ito ngayong taon. Hindi rin nagpahuli ang Eastern Petroleum at Total. Samantala, tumaas nang piso bawat kilo ang presyo ng liquefied petroleum gas (LPG). Binatikos ito ng mga militanteng organisasyon. Ayon sa PISTON, grupo ng mga militanteng drayber, kung hindi iaatras ang pinakabagong pagtaas ng presyo ng langis, mapipilitan silang igiit na itaas nang piso ang pamasahe.

### Pagbasura sa ICC, itinutulak ng US

Umaabot sa 150 bansa ang pinepresyur ng US para hindi maratipika ang 1998 Rome Statute na magtatayo ng International Criminal Court (ICC). Nagbabanta ang US na iuurong ang mga ipinangako nitong ayuda kung hindi susunod ang mga ito. Una nang binalaan ang Lithuania, Estonia at Latvia. Samantala, ibinasura na ng Pilipinas ang ICC.

Ang ICC ang maglilitis sa mga kaso ng henosidyo, mga krimen sa digma at iba pang kaso laban sa sangkatauhan. Labis na naliligalig ang US sa pagtatayo nito dahil ayaw nitong malitis sa mahaba nang listahan ng krimen nito sa sangkatauhan.

#### Opensiba, welga: inilunsad sa Nepal

Sampung araw pa lamang matapos ihayag ang pagwawakas ng state of

emergency, niyanig naman ng dalawang malalaking opensiba ng rebolusyonaryong People's Liberation Army (PLA) ng Communist Party of Nepal-Maoist ang reaksyunaryong gubyerno ng Nepal. Sinalakay ng PLA ang mga armadong pwersa sa distritong Sindhuli at sa bayan ng Sandhikharka noong Setyembre 8 at 9. Walumpu't siyam (89) na pulis at 17 sundalo ang napatay sa naturang mga opensiba.

Lalo pang nasindak ang estado nang ilunsad noong Setyembre 16 ang higanteng mga welga na nagparalisa sa buong bansa. Ipinatawag ang pambansang welga bilang protesta sa nakaambang pambansang eleksyon sa darating na Nobyembre.

Unang idineklara ni Gyanendra, hari ng Nepal, ang *state of emergency* noong Nobyembre 2001 matapos ang sunud-sunod na mga pagsalakay ng PLA na nagdulot ng malaking bilang ng kaswalti sa hanay ng pulisya at militar.

### Mga kilos-protesta sa Palestine, lumalawak

Kinakitaan ng malalaking rali ang sentrong bayan at mga okupadong teritoryo sa Palestine nitong Setyembre. Ito ay sa kabila ng halos tuluy-tuloy na pambobomba ng Israeli Defense Forces (IDF) sa kanilang kabahayan at mga gusali. Noong Setyembre 19, halos pulbusin ng IDF ang hedkwarters ni Yasser Arafat, pinuno ng Palestinian Authority. Ilang araw matapos ito, naglabas ng resolusyon ang United Nations Security Council para sa kagyat na pag-atras ng IDF mula sa mga teritoryo ng Palestine. Tanging ang US ang hindi pumirma rito. Bagamat sa una'y hindi ito pinapansin ng Israel, napilitan ding umatras ang IDF mula sa Ramallah at iba pang teritoryo ng Palestine nitong Setyembre 28.

16 Oktubre 2002. ANG BAYAN